# BATINGAW

DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE ENERO 2008

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"

Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com




SP Kgd Jonah Pimentel

## Barangay officials' mandated benefits

"A privilege speech of SP Kgd. Jonah Pimentel"

Basahin sa pahina 3

# 2007 Cleanest and Greenest municipalities sa Cams. Norte tinukoy



Mayor W. Lim, J. Panganiban
1st Place, Category A



Mayor D. Mendoza, Sta. Elena
2nd Place, Category A



Mayor S. Quinones III, Basud
3rd Place, Category A



Mayor E.Jalgalado, Capalonga
1st Place, Category B



Mayor E.. Ramores, S.L. Ruiz
1st Place, Category B



Mayor W. Oco, Labo
Hall of Fame



*Ang Memorandum of Agreement Signing tungkol sa Solid Waste Management program ng lalawigan sa pagitan ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr., bayan ng Daet-Mayor Tito S. Sarion, DENR-PENRO Elpido Orata, Camarines Norte State College-President Wenifredo T. Oñate na ginanap sa tanggapan ng gobernador. Ang naturang MOA ay naglalayong palawakin at magbigay ng iba't-ibang kaalaman sa 8 urban barangays dito sa bayan ng Daet ukol sa solid waste management.*



Mayor O. Ferrer, Vinzons
Hall of Fame

Tinanghal na pinakalun-tian at pinakamalinis na bayan ng Camarines Norte ang Jose Panganiban (95.98) na kabilang sa *Category A (1st to 3rd class municipalities)* at ang mga bayan ng Capalonga at San Lorenzo Ruiz para sa *Category B (4th to 6th class municipalities)* na nakakuha ng parehong iskor na 93.34.

Kaugnay ito ng katatapos na *2007 Search for*

*(Sundan sa pahina 6)*

# Camarines Norte una sa *e*-RPTS



Prov'l. Assr. Anabel Defeo

Kasabay nang malaking pagbabago sa larangan ng teknolohiya, hindi rin nagpahuli ang Tanggapan ng Panlalawigang Tasador *(Provincial Assessor's Office* o PAssO) dahil sinimulan nito ngayong taon ang implementasyon ng *Electronic Real Property Taxation System* (*e-RPTS*) sa buong lalawigan. Ito ay sa pamumuno ni Bb. Annabel M. Defeo, *Provincial Assessor.*

Ipinagmamalaki ito ng nasabing tanggapan sapagkat nakabilang ang Camarines Norte sa 3 lalawigan sa bansa na napili ng *National Computer Center (NCC)* na magsagawa ng *e-RPTS*. Ang Camarines Norte rin ang kauna-unahang *pilot province* na nagpatupad nito.

Matatandaan din na tuwing ika-tatlong taon, isinasagawa ng PAssO ang *General Revision* o pagpapalit ng mga dating


*(Sundan sa pahina 9)*

## nasa loob


EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5

# Col. Ramon P. Dominguez (Ret.) bagong Provincial Warden



Col. R. P. Dominguez (Ret.)

Pagpasok pa lamang ng taong 2008, isang bagong personahe naman ang napabilang sa pamahalaang panlalawigan at ito ay sa katauhan ni *Col. Ramon P. Dominguez (Ret.)*, ang bagong katatalagang *Provincial Warden* sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*.

Matatandaang natapos na ang *second extension* na ipinagkaloob ng *Civil Service Commission* kay dating *Provincial Warden Col.* Efren M. Arayata *(Ret.)* noong Disyembre 21, 2007 at ang pangangalaga ng CNPJ ay pansamantalang ipinagkatiwala sa ating *Acting Asst. Warden* Reynaldo N. Pajarillo na siya ring *paralegal* ng *CNPJ*.

Sa pagkakatalaga ni Col. Dominguez *(Ret.)* bilang bagong provincial warden, inaasahan din ang maraming pagbabago na mangyayari sa ilalim ng kanyang pamunuan. Si Col. Dominguez ay tubong Camarines Norte, ipinanganak sa Basud, Camarines Norte at hindi na rin matatawaran ang kanyang kwalipikasyon at karanasan kung babasehan ang kanyang personal file kung kaya't hindi nakapagtataka na sa kanya ipinagkatiwala ang masasabing isa sa pinakamaselang posisyon sa ating pamahalaang panlalawigan, ang provincial warden ng Camarines Norte.

Nakaatang sa balikat ngayon ni col. Dominguez, unang-una na ang seguridad ng ating Gobernador at lahat na nanunungkulan sa ating pamahalaang panlalawigan; ang pangangalaga sa 355 detenido ng CNPJ at ang pamumuno sa *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)*.

Iilan lamang ang nakaaalam na hindi lamang ang pangangalaga ng CNPJ ang saklaw ng tungkulin ng isang *provincial warden* kundi maging ang mga opisyal at empleyado ng kapitolyo, lalo pa't kung ito ay may kinalaman sa seguridad. Sa kanya rin nakasalalay ang pagmamantine ng seguridad sa lahat na pag-aari at pasilidad ng pamahalaang panlalawigan kabilang na ang *Provincial Motorpool, Seed Farm* at lahat ng iba pang lugar na pag-aari nito.

Kasunod ng kanyang pagkatalaga sa tungkulin, agad na pinulong ni *Provincial Warden* Dominguez ang buong *PCSSD* at ipinaalam sa mga kawani nito na nais niyang magsimula nang malinis. Panibagong panimula mula sa dating pamunuan. Magkakaroon ng maraming pagbabago at ito ay sa kabutihan ng nabanggit na tanggapan. Ito ang kanyang pangako. Marami siyang plano upang higit pang mapabuti ang pamamalakad hindi lamang sa loob ng *CNPJ* kundi maging sa *security force* ng ating pamahalaang panlalawigan.

Kaugnay nito, agad niyang itinalaga si *SO IV* Bonifacio L. Alforte bilang *Asst. Warden* ng *Security Force* at PG II Reynaldo N. Pajarillo bilang *Asst. Warden* ng *Custodial Force*. Nakipagpulong na rin siya sa lahat na mga mayores sa mga selda ng CNPJ at kanyang sinabi na kung meron mang mga pagbabago, ito ay para rin sa kabutihan ng mga detenido.

Sa unang salbo pa lamang ay masasabing maganda ang naging simula ng ating bagong *Provincial Warden*. Isa sa kanyang mga proyekto ay ang pagsasaayos ng *parking* sa loob ng *Provincial Capitol Complex* kung saan bibigyan ng tamang lugar ang mga sasakyan ng mga empleyado, mga bisita nito at maging ang mga *public utility vehicles (PUVs)* na pumapasok dito. Ito ay upang maisaayos ang masalimuot na pagpa-*parking* ng mga sasakyan at upang maiwasan na rin ang anumang problema na maaring magbunga dahil sa walang tamang sistema kung saan ba talaga dapat i-*park* ang mga sasakyan.

Pangarap din niya na sa darating na mga araw ay mailagay ang ating mga detenido sa *YOU Tube* kahalintulad ng *Provincial Jail* ng Cebu City at aniya ay hindi naman ito kataka-taka sapagkat 300 pataas lamang ang bilang ng ating mga detenido kumpara sa Cebu na mahigit sa isang libo. Kung tama ang pamamaraan, talagang ito ay mangyayari. Isa rin itong maaaring maging libangan ng ating mga detenido upang maiwasan ang pagkabagot sa loob ng kanilang mga selda na maaaring magbunga sa kaisipang tumakas o gumawa ng gulo sa kanilang mga selda.

Ilan pa lamang ito sa mga maaari nating asahan sa ating bagong *provincial warden*. Sabi nga, *"the taste of pudding is in the eating. So, let us all welcome to the Provincial Capitol family Col. Ramon P. Dominguez (Ret.) and wish him all the luck in his new and challenging position."*

**CANETH A. IDIOMA**





***Ang Provincial Fisherfolk Council & Leaders Meeting na isinagawa sa AVPC ng pamahalaang panlalawigan na dinaluhan nina Noemi S. Conzuela, FARMC Reg'l. Coordinator ng BFAR at Arnel Boholst, kinatawan ng Regional Fisherfolk Council. Dumalo rin dito sina Provincial Agriculturist Rodolfo B. Salamero at OPAg Fisheries Division Chief Edgar Estanislao.***

# 47,204 kabataan sa CNorte nakabilang sa Knockout Tigdas 2007 Campaign ng DOH

Base sa parsyal/pinal na ulat ng *Provincial Health Office (PHO)*, umaabot sa 92.71% ng mga kabataan sa lalawigan ang nabigyan ng bakuna kontra tigdas sa ilalim ng *Knockout Tigdas 2007 campaign* ng *Department of Health (DOH)*. Ito ay magkakaalinsabay na isinagawa sa iba't-ibang panig ng bansa simula Oktubre 15-Nobyembre 15, 2007.

Ayon sa tala ng PHO, umaabot sa 50,895 mga kabataan ang kwalipikadong mabigyan ng libreng *measles vaccination (MV)* kung saan 47,204 lamang ang nabakunahan o 92.75%. Sa kabuuang bilang ng mga nabakunahan, 2,943 ang nasa pagitan ng mga edad 9-11 buwan at 44,261 naman ang nasa pagitan ng mga edad na 12-48 buwan o 1-4 na taong gulang o may kabuuang bilang na 47,187.

Sa kabuuang 17 *rural health units (RHUs)* sa 12 bayan ng Camarines Norte, ang tatlong *RHUs* na nakapagtala ng pinakamatataas na *accomplishments* ay ang mga sumusunod: *Labo Rural Health Unit (RHU) I* - nabakunahan ang 3,749 mga kwalipikadong kabataan mula sa target na 3,585 bilang nito o 104.57% a*ccomplishment*; Jose Panganiban RHU II - nakapagbakuna ng 1,679 kabataan mula sa target na 1,698 o 98.88% *accomplishment*, at; *Daet RHU III* – nabakunahan ang 2,812 kabataan mula sa target na 2,855 o katumbas ng 98.49% *accomplishment*.

Ang naturang 1-buwang Knockout Tigdas *campaign* ay *second follow-up mass immunization strategy* na naglalayong

**(Sundan sa pahina 3)**

# Barangay officials' mandated benefits

*(Full text of the privilege speech of Board Member Jonah Pimentel during the regular SP session held on January 15, 2008)*

The enactment of Republic Act 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991, started an era of clearly defined powers, duties, and functions for Barangay Officials. The Local Government Code, likewise recognizes the indispensable role of the Barangay towards the fulfillment of the mandate of government to look after the welfare of its people. Sec. 384 states that "AS THE BASIC POLITICAL UNIT, THE BARANGAY SERVES AS THE PRIMARY PLANNING AND IMPLEMENTING UNIT OF GOVERNMENT POLICIES, PLANS, PROGRAMS, PROJECTS AND ACTIVITIES IN THE COMMUNITY, AND AS A FORUM WHERE THE COLLECTIVE VIEWS OF THE PEOPLE MAYBE EXPRESSED, CRYSTALLIZED AND CONSIDERED, AND WHERE DISPUTES MAY BE AMICABLY SETTLED."

Maliwanag po sa naturang probisyon ng Batas na ang Barangay ay kinikilala bilang pangunahing tagapagplano at tagapagpatupad ng mga polisiya, plano at programa ng pamahalaan. Sa pamamagitan din ng Barangay natitipon at napag uusapan ang mga pananaw ng mga mamayan. Ang Barangay din ay may katungkulang ayusin ang mga usaping kinasasangkutan ng mga magkakabarangay.

Sa ilalaim din ng naturang Batas nakasaad ang mga tungkulin ng Punong Barangay, mga miyembro ng Sangguniang Barangay at iba pang opisyales ng Barangay. Naniniwala po ako na ang mga tungkuling ito ay sinisikap gampanan ng ating mga Opisyal ng Barangay sa abot ng kanilang kakayahan.

I consider myself privileged for having been given the rare opportunity to serve as Punong Barangay for three consecutive terms over the last thirteen years of my life from 1994 to 2007. Nagkaroon po ako ng pagkakataong makapaglingkod bilang Punong Barangay sa loob ng labintatlong taon. Sa loob po ng naturang panahon, nakita ko pong personal ang tunay na tungkulin ng isang Barangay Official, mga tungkuling hindi na naisulat sa mga probisyon ng Local Government Code, subali't sa tunay na buhay ay ginagampanan ng mga Opisyales ng Barangay.

Nakakatuwa pong isipin na sa bigat ng mga tungkuling ginagampanan ng mga Opisyales ng Barangay para sa pagtataguyod ng kapakanan ng kanilang mga kabarangay, isang libo piso lamang para sa Punong Barangay at anim na raang piso naman para sa Miyembro ng Sangguniang Barangay ang naunang itinakda ng Local Government Code bilang Honorarium ng mga Barangay Officials. Mabuti na lamang at ang mga naturang halaga ay bahagyang naitataas sa paglipas ng panahon kaalinsabay ang pagtaas ng income ng Barangay, kahit na nga kadalasan ay nagagamit pa ang honorarium para sa mga mahigpit na pangangailangan ng mga mamamayan sa Barangay, na disin sana'y para sa personal na gastusin na ng mga Barangay Officials.

Layunin po ng Malayang Pamamahayag na ito ng inyong lingkod na masiguro na ang iba pang benepisyo ng mga Barangay Officials ay kanilang matanggap sa loob ng kanilang panunungkulan. Nais ko pong bigyan ng diin ang mga sumusunod na benepisyo na dapat na matanggap ng mga Punong Barangay, Miyembro ng Sangguniang Barangay, Barangay Secretary at Barangay Treasurer:

1. Insurance Coverage — Sec. 393(b)(2): They shall be entitled, during their incumbency, to insurance coverage which shall include, but shall not be limited to temporary and permanent disability, double indemnity, accident insurance, death and burial benefits, in accordance with RA 6942.

2. Free Medical Care — Sec 393(b)(3): They shall be entitled to free medical care including subsistence, medicines and medical attendance in any government hospital or institution.

3. Free Tuition and Matriculation Fee — Sec 393(b)(4): They shall be exempted during their incumbency from paying tuition and matriculation fees for their legitimate children attending state colleges and universities.

4. Civil Service Eligibility — Sec 393(b)(5): They shall be entitled to appropriate civil service eligibility on the basis of the number of years of service to the barangay.

Ang mga nabanggit na benepisyo ay nilalayong mabigyan ng linaw kung paano titiyaking matatanggap ng mga Punong Barangay, Miyembro ng Sangguniang Barangay, Barangay Secretary at Barangay Treasurer. Sana po sa pamamagitan ng Kagalang galang na Sangguniang Panlalawigan ay makaharap natin ang mga Kinatawan ng GSIS at DILG para sa Insurance Coverage; Kinatawan ng Camarines Norte Provincial Hospital para sa Free Medical Care; Kinatawan ng Camarines Norte State College, DILG at DBM para sa Free tuition at matriculation fees at Kinatawan ng Civil Service Commission para sa Civil Service Eligibility. Makakatulong din po kung makakaharap din natin ang mga Pangulo at Opisyal ng Liga ng mga Barangay at ang iba pang mga opisyales ng Barangay ng bawat bayan sa ating lalawigan para makabahagi sa talakayan ng mga kinatawan ng mga naturang ahensya ng pamahalaan.

Umaasa po ako na magiging makabuluhan ang magaganap na talakayan upang higit na mabigyang halaga ang kontribusyon ng ating mga dakilang lingkod bayan sa hanay ng mga barangay.

Maraming salamat po sa inyong lahat.

# 47,204 kabataan sa CNorte ...

*(Mula sa pahina 2)*

mapababa ang bilang ng mga kabataan na maaaring magkaroon ng tigdas at maabot ang at least 95% *measles immunization* para sa lahat na kabataang may edad 9 na buwan hanggang 48 buwan o apat na taon. Inaasahan na ang naturang kampanya kontra tigdas ay makatutulong upang maabot ang isa sa mga *Philippine Millennium Development Goals*, ang mapababa ang bilang ng insidente ng pagkamatay ng mga kabataan at tiyakin ang malusog na kinabukasan ng mga kabataang Pilipino.

Matatandaan din na ang buwan ng Oktubre ay itinakda bilang Buwan ng Kabataan at ang ikatlong linggo ng Oktubre bilang *Round 2* ng Garantisadong Pambata Week (*Pre-Schoolers Week)*. Kaugnay nito, isinabay sa naturang *MV campaign* ang pagbibigay ng *Vitamin A capsule* sa mga kwalipikadong kabataan na may edad 6 hanggang 71 buwan at *deworming drugs* (pamulate) para sa mga kabataang may edad 12 buwan hanggang 71 buwan. ***LT IBASCO***


# Coco coir project ipagkakaloob sa ABK families

Humigit-kumulang sa P2.7 milyong piso ang pondong gugugulin ng *World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI)* para sa *coco coir project* na ipagkakaloob nito sa mga pamilya ng mga kabataang benepisaryo ng ABK Initiative sa lalawigan.

Ang naturang proyekto na tinatayang masisimulan sa Pebrero 2008 ay ipatutupad sa pakikipagtulungan ng *Alay-Lakad Foundation*. Mabebenepisyuhan nito ang may 700 hanggang 800 pamilya sa 5 barangay na sakop ng programa. Ito ay ang mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Sta. Elena, Luklukan Norte at Luklukan Sur ng bayan ng Jose Panganiban; at, Brgy. Dalas sa Labo.

Ang mga out-of-school youths (OSYs) din ay maaaring makinabang sa coco coir project sa sandaling mapagbigyan na ang lahat na benepisaryong pamilya nito.

Samantala, pinasimulan na kamakailan ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang minicarinderia at food processing project nito sa Sta. Rosa Sur, Jose Panganiban kung saan 25 pamilya ang nakikinabang dito. Layunin nito na mabigyan ng alternatibo at karagdagang hanapbuhay ang mga magulang ng mga kabataang nasadlak sa maagang paggawa (child labor). Inaasahan na sa pamamagitan nito ay matutugunan nila ang pangangailangan ng kanilang pamilya at higit sa lahat, pag-aralin muli ang kanilang mga anak at hindi na muling pagtrabahuhin sa minahan at/o iba pang mapanganib na uri ng paggawa. ***LT IBASCO***






EDITORYAL

## Social Responsibility

Sobra nang nakababahala ang pagdami ng mga kabataang nalululong sa maagang pakikipagtalik, mga insidente ng panggagahasa na ang biktima mismo ay hindi na pinipili, magpamurang edad ó magpamatanda man. Kahit sira ang isip, ó sanggol, pinapatulan din. Ilan na bang kahalintulad na kaso ng kahalayan ó sexually violent crimes ang nakabimbin o nadesisyunan na sa ating mga hukuman? Ilan na ang hindi mabilang na kasong nasa barangay at "undocumented" sa kadahilanang ito ay hindi nakarating sa mga hukuman? Malungkot isipin, nguni't lahat nang ito ay nagdudulot ng pagkasira ng buhay ng mga biktima at paglabag sa kanilang karapatan.

Nguni't napakarami at masalimuot ang mga kadahilanan nito. At hindi maikakailang bawa't isa sa atin ay sangkot dito, sadya man ó di sinadya, kung kaya't LAHAT ay kabahagi sa mga nangyayaring ito.

Kung lilimiing mabuti, PERA ang UGAT ng lahat nang ito. Lahat na lang ay itinuturing na negosyo kahit makasira sa kapwa tao. Tulad ng mga babasahin, magpatabloid, magazines ó pocket books, mas malaki ang kita kung sa "cover page" pa lang ay makikita na ang kalaswaan na sinasabi nilang ginawa sa ngalan ng "sining". Sa mga panoorin sa pelikula at mismo sa mga television, malala ang "sexual exploitation", at maging sa mga CDs, VCDs, mas binibili ng mga tao kung ang trailer/billboards/cover o' teasers nito ay nagpapasilakbo ng makamundong damdamin. Sa mga internet/computer rental shops, mas malaki ang kita sa mga nakaa-"addict" na "internet gaming", cybersex at pagpunta sa mga "pornographic" ó "sin sites". Kinalilibangan din dito ang "friendsters" at/o "chatroom" sa internet kung saan malimit na may bigla na lamang nagpapakita ng kanilang mga maseselang bahagi sa katawan at hanggang "masturbation" at pagtatalik ay ginagawa sa harap ng "webcamera", at mga cellphones na may camera. Ang mga ito ang makabagong "venues" na napadadali ang "trafficking" kung kaya't nawawala ang mga kabataan at kababaihan na nahihikayat ng mga mapagpanggap at mapanlinlang na pangako ng mga materyal na bagay at diumano'y magandang buhay, subali't magsasadlak pala sa kanila sa kapariwaraan.

Ano ang mangyayari sa ating mga kabataang sa halip mag-aral ay nalululong sa ganitong libangan? Resulta: bagsak sa klase, pre-marital sex, unwanted babies, talamak na abortion, bandang huli ay prostitusyon, atbp? Saan sila pupunta? May anak kayo, may kapatid, may mga kamag-anak na pwedeng mabiktima? Gugustuhin n'yo po bang mangyari ito sa kanila? Alam nating may "karma"?

Sabi nga po ni Shakespeare: "What does a man profit by gaining the whole world, yet he loses his soul?" At sa ating lahat, mayroon po tayong "social responsibility" na kung tayo man ay nagnenegosyo, isipin po nating tayo ay may pananagutan din sa lipunang ating ginagalawan lalo't higit sa kabataan. /*sn*

# Provl. Bantay-Dagat Task Force Composite Team binuo

Upang matiyak na mas mapangangalagaan at mapuprotektahan ang mga karagatan sa buong lalawigan ng Camarines Norte, inilipat kamakailan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa *Fishery Development Division (FDD)* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* ang pamamahala ng *Provincial Bantay-Dagat Task Force.*

Kasunod nito, sa pamumuno ni G. Edgar A. Estanislao, *Supervising Agriculturist* ng *FDD-OPAg* ay kaagad na gumawa ng balangkas ng panukala para sa pagpapatupad ng mga patakaran para sa operasyon ng *Provincial Bantay-Dagat Task Force Composite Team (PBDTFCT).*

Ang naturang panukala ay alinsunod sa Seksyon 22 ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 03-29 para tuwirang maipatupad ang mga batas, patakaran at regulasyon sa pangingisda. Ang mga probisyon nito ay ipatutupad sa lahat ng katubigang nasa teritoryong sakop ng Camarines Norte kasama na ang territorial seas at ang *200-nautical Exclusive Economic Zone* at *continental shelf.*

Samantala, ang *PBDTFCT* na isang *multi-sectoral composite team* ay binubuo ng pitong (7) miyembro nito: *Provincial Government Law Enforcement Personnel (PGLEP),* kinatawan mula sa tatlong (3) pambansang ahensya na sangkot sa pagpapatupad ng batas pampangisdaan tulad ng *Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (DA-BFAR) Provincial Fishery Office, Philippine National Police-Maritime Group (PNP-MG)*; Fr. Francisco R. Gan na kinatawan ng *religious sector* at isang kinatawan mula sa grupo ng *media*. Si Eddie Dy Espiritu na pinuno ng *Regulatory Services* ng *FDD-OPAg* ang *team leader* ng *PBDTFCT* kasama si Abelardo O. Villacruz.

Ang PBDTFCT ay binigyan ng *blanket authority* para ipatupad ang mga batas, ordinansa at iba pang kahalintulad nito na pinagtibay ng mga kinauukulang awtoridad. Ilan sa mga tungkulin at gawain nito ay ang mga sumusunod:

1) Paggamit sa mga matatatag na *coastal law enforcement strategies* upang masawata ang mga lumalabag sa mga batas-pampangisdaan at makatupad sa mga pambansa at lokal na batas at regulasyon upang magkaroon ng maunlad na ekonomiya, *social welfare* at *environmental health* ng buong komunidad.

2) Tungkulin ng PBDTFCT na magsagawa ng:

- *Joint patrol operations* at mahigpit na isasagawa ang *seaborne operation procedures;*

- Paghuli, pagimbestiga at pagsasampa ng kasong kriminal o administratibo sa tamang Korte laban sa mga lumabag;

*(Sundan sa pahina 7)*




***Si Dr. Rene Ruidera, DPA, katabi ni Mayor Marides Fernando ng Marikina, Engr. Eden Borja at Wilma A. Querubin ng General Services Office kasama si MMDA Chairman Bayani Fernando at iba pang mga kasapi ng samahan ng mga tanggapan ng general services mula sa iba't-ibang lalawigan at siyudad dito sa Luzon sa isinagawang 4th PAGSOlympics sa Marikina City.***

## 4th PAGSOLYMPIC...

***(Mula sa pahina 8)***

3rd Place–Run Relay 400 meters (Simonette Pango, Engr. Eden Borja, Karen Carrascal, and Kristin Angeles); 6. 2nd Place – Kristine Angeles (Karera sa Sako); 7. 2nd Place– Simonette Pango, Kristine Angeles, Karen Carrascal, Engr. Eden Borja, Myla Avellana, Maricel Gache, Donna Opeda, Marichu Gache, Mary Jane Villeno at Mary Jane de Mata (Obstacle Course); 8. 2nd Place–Robert Nario, Grant Aurin, Allel Leona at Louie Abular (Run Relay).

Sa nasabing mga palaro nanguna ang lunsod ng Maynila, pangalawa ang lunsod ng Quezon, pangatlo ang lunsod ng Marikina at pang-apat ang lalawigan ng Camarines Norte.

Dahil dito ay lalong napagtibay ang samahan ng mga kawani ng PGSO at napatunayan na kung ang lahat ay magkakaisa at magsasama-sama tungo sa isang layunin lahat ay magagawa ng isang tunay na naglilingkuran sa pamahalaan.

***GINA B. RACELIS***

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan


















*1) Ang pagpapasumpa ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa mga bagong opisyal ng Liga ng mga Barangay dito sa lalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ng kanilang pangulong si PB William Carlo Avila; 2) Tinatanggap ng isang miyembro ng mga kabihug dito sa lalawigan mula kina DWSD RD Jim Rebustillo at Bise-Gob. Roy A. Padilla, Jr ang pamaskong handog mula sa pamahalaang panlalawigan at DSWD; 3) Tinatanggap ni SP Member Jonah Pimentel ang tarheta ni Gob.Benigno R. Fitial ng Saipan, Northern Marianas habang nakatingin si Gob. Typoco, Jr.; 4) Bumisita sa tanggapan ni Gob . Typoco, Jr. sina Dra. Emilia T. Quinitio, program leader ng Mudcrab and Shrimp Domestication Program at Didi Baticado, socio-economist na kapwa mula sa Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC), Aquaculture Department, Tigbauan, Iloilo upang magbigay ng teknolohiya ukol sa mudcrab hatchery, kasama nila sina Egay Estanislao at Francia Pajares ng OPAg; 5) Ipinapaliwanag ni SP Member Pamela Pardo-Pujalte ang kanyang resolution-ordinance ukol sa regulasyon ng internet café dito sa lalawigan sa isinagawang public hearing ukol dito na dinaluhan naman ng mga inimbitahan sa naturang gawain.*

# Murang bigas mabibili sa 150 outlets ng Tindahan Natin Project

De-kalidad at murang bigas ba ang hanap ninyo? Kung gayon, magtungo kayo sa pinakamalapit na Tindahan Natin Project (TNP) outlet sa inyong lugar.

Ang Tindahan Natin Project (TNP) ay isang pambansang programa ng pamahalaan upang makabili ng murang bigas ang mga mahihirap na mamamayang Pilipino at mabawasan ang bilang ng mga pamil-yang nagugutom.

Sa ilalim ng programa, ang mga kwalipikadong indibidwal ay binibigyan ng puhunang P20,000.00 *in the form of rice commodities* na iniisyu ng mga kinauukulang sangay ng *National Food Authority (NFA)* sa bansa.

Ang naturang pautang na walang interes ay dapat na bayaran sa loob ng isang taon kung saan ang pagbabayad ay gagawin sa pamamagitan ng pagdeposito sa bangko ng buwanang bayarin. Ang kopya ng *deposit slip* ay kailangan naman nilang isumite sa kinauukulang DSWD field office na siya namang gagawa ng kaukulang tala at paguulat sa kinauukulang DSWD regional office.

Dito sa lalawigan ng Camarines Norte, umaabot na sa 150 TNP outlets ang matatagpuan sa 12 bayan ng Camarines Norte: Basud - 16, Capalonga - 4, Daet - 30, Jose Panganiban - 7, Labo - 17, Mercedes - 24, Paracale - 8, San Lorenzo Ruiz - 8, San Vicente - 9, Sta. Elena - 11, Talisay - 7 at Vinzons - 9 o kabuuang bilang na 150 outlets. Ito ay ayon sa ulat nina Earl Maxi-millian A. Cecilio at Dan Paul L. Puse, Project Development Officer ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) *Regional Office 5-Camarines Norte Field Office* na matatagpuan sa *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).*

Ayon kay Puse, patuloy silang nagsasagawa ng pagbisita at pagsubaybay sa operasyon ng 150 TNP outlets sa lalawigan upang matiyak na walang umaabuso at nagbebenta nang sobra sa dapat na presyo ng NFA rice.

Base pa rin sa ulat ng DSWD Field Office dito, umaabot sa 33,866 pamilya mula sa 12 bayan ng Camarines Norte ang napagsilbihan ng TNP outlets. Ito ay nahahati sa mga sumusunod: Basud - 3,584; Capalonga-879; Capalonga – 879, Daet – 7,230, Jose Panganiban – 1,551, Labo – 4265, Mercedes – 4,878, Paracale – 1,980, San Lorenzo Ruiz – 1,816, San Vicente – 1,466, Sta. Elena – 2704, Talisay – 1,500 at Vinzons – 2,013 o kabuuang 33,866 pamilya.

Bilang karagdagan, ang pagpili sa mga kwalipikadong *TNP operators* ay isinagawa ng mga kinauukulang *Municipal Social Welfare and Development Offices (MSWDOs)* sa lalawigan na siyang nagindorso sa DSWD RO5 na siya namang nagaaproba sa mga aplikanteng nakapasa sa pamantayang ipinatutupad nito.

Samantala, hinihikayat muli nina Cecilio at Puse ang lahat na TNP operators sa Camarines Norte na regular na magbayad ng kanilang utang upang patuloy na maipatupad ang naturang programa at mas marami pang mahihirap na mamamayan ang mabenepisyuhan nito. ***LT IBASCO***

# 2007 Cleanest and Greenest ...

*(Mula sa pahina 1)*


the Cleanest and Greenest Local Government Units (LGUs) sa isinasagawa ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Department of the Interior and Local Government (DILG) sa ilalim ng Clean and Green Program (CGP) dito.

Samantala, ang iba pang nanalo sa category A ay ang mga bayan ng Sta. Elena at Basud na nakakuha ng 92.37 puntos at 89.95 puntos at nasungkit ang ikalawa at ikatlong puwesto sa naturang patimpalak, ayon sa pagkakasunod.

Ipinahayag naman kamakailan ni DILG Provincial Director Robin M. Mercado, CGP coordinator at chairman na ang Provincial Evaluation Team (PET) ay magtutungo sa mga munisipyo upang doon personal na igawad sa mga kinauukulang punong bayan ang tseke na kanilang napanalunan: Jose Panganiban - P25,000.00, Sta. Elena – P20,000.00, Basud – P10,000.00, at Capalonga at San Lorenzo Ruiz – P12,500.00.

Matatandaan na ang mga bayan ng Labo at Vinzons (category A) ay tinanghal na mga hall of famers sa naturang patimpalak dahil sa tatlong (3) magkakasunod na taong pagkapanalo nila sa taunang timpalak-pangkapaligiran sa mga nakaraang taon.

Ito ay patuloy na itinataguyod ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa layuning makatulong nito ang mga mamamayan sa pangangalaga at preserbasyon ng malinis at luntiang kapaligiran ng Camarines Norte. ***LT IBASCO***



***Isa sa mga proyekto ni Mayor William A. Lim ay ang coastal clean-up kung saan regular na pinangangasiwaan niya mismo ang paglilinis sa mga coastal areas sa Jose Panganiban. Isa lamang ito sa kanyang mga proyektong pangkalinisan at pangkapaligiran na tinaguriang "WALastik" upang tanghalin ang kanyang bayan na pinakamalinis at luntian sa buong lalawigan sa taong 2007.***

# Ulat sa operasyon ng provl. farm inilahad

Matatagpuan sa Brgy. Calasgasan, Daet ang Provincial Farm na may kabuuang lawak na 13.5 ektarya kung saan ang 2 ektarya nito ay ginagamit ng Research Division para sa pagpapaunlad ng mga bagong pananim sa lalawigan.

Ang operasyon nito ay pinangangasiwaan ng Agricultural Production and Special Projects Division-Office of the Provincial Agriculturist (APSPD-OPAg) na nagpapatupad ng mga sumusunod na programa at proyekto: *nursery management, rice and corn production, pink pomelo orchard, cassava production, coconut and cutflower production*, at *scion grove*.

Sa ulat para sa taong 2007, inilahad nito na sa ilalim ng nursery management ay kumita ito ng P57,722.55 kumpara sa P31,803.00 lamang noong 2006. Naabot din nito ang target na 5,000 sexually at 1,000 asexually propagated assorted high value seedlings tulad ng pili, lukban, mangga, rambutan, abokado at iba pa. Naipamahagi rin nito ang 3,628 seedlings sa may 300 benepisaryo tulad ng mga magsasaka, non-government organizations (NGOs), at iba pang samahan sa lalawigan. Sa imbentaryo sa pagtatapos ng taong 2007, mayroon itong 8,189 available planting materials.

Nakapagtala naman ito ng kitang P53,120.00 para sa *rice production*, at P185,015.10 mula sa corn production na nahahati sa sumusunod: P38,139.85-green corn at P146,875.25-hybrid o BT corn.

Dahil sa pagdaan ng mga bagyong Reming at Milenyo sa lalawigan, bahagyang naapektuhan ang produksyon nito ng lukban kung saan nakapagtala lamang ito ng kitang P21,986.00 para sa taong 2007. Ito ay mula sa 135 punong lukban na inaalagaan sa 1.5 ektaryang lupang taniman. Kasama rin nitong bumaba rin ang produksyon ng kamotengkahoy kung saan P18,595.00 lamang ang naitalang kita. Maliban sa mga nasabing bagyo, naapektuhan din ang produksyon ng niyog dahil sa pananalanta ng insektong kadangkadang.

Kumita rin ang APSPD-OPAg ng P8,101 mula sa cutflower production project nito kung saan ang natitirang 505 piraso ng mga vanda orchids nito ay minamantine *on a self-help basis.* Patuloy rin nitong ipinatutupad ang *scion grove project* na may lawak na 0.35 ektaryang lupain. Dito pinalalago ang may 60 high value fruit trees tulad ng lansones, mangosteen, carabao mango, tsiko, avio, star apple, giant jackfruit, rambutan, duhat, abokado, 3 varieties ng lukban, longan, ponkan, grafted pili at Bangkok santol.

Bilang karagdagan, ang maayos at sistematikong operasyon ng Provincial Farm ay isinasagawa ng APSPD sa pangunguna ng mga supervising agriculturists nito na sina G. Baltazar Q. Dipasupil at Nancy F. Guinto. ***LT IBASCO***

# Cam. Norte benepisaryo ng GMA Livestock Hunger Mitigation Program

Ang Lalawigan ng Camarines Norte ay pagkakalooban ng mga *dispersal* na mga hayop na manok at kambing bilang isa sa mga benepisaryo ng *GMA Livestock Hunger Mitigation Program (GMA-LHMP)* na ipinatutupad ng pamahalaang nasyonal sa pamamagitan ng *Department of Agriculture (DA)*.

Ito ang ibinalita ni Dr. Josephine Bañadera, *Veterinarian II, Field Operations Division, DA Regional Field Unit V* sa pulong na pinangunahan kamakailan ng *DA Regional Field Unit 5 (DA RFU-5)* na isinagawa sa *Audio-Visual Room (AVR)* ng Kapitolyo Probinsyal. Dumalo sa naturang pulong ang mga *municipal agricultural officers (MAOs), municipal agriculturists (MAs)* at iba pang kinatawan ng mga kinauukulang ahensya at tanggapan na magpapatupad o makikinabang sa programa.

Pangungunahan ng DA RFU-5 ang pagbibigay ng mga manok at kambing sa 12 bayan ng lalawigan sa loob ng taong 2008. Ang prayoridad nitong mabigyan ay ang mga residente na naninirahan sa mga mahihirap na barangay *(depressed barangays)* sa lalawigan. Ang pagtukoy naman sa mga kwalipikadong benepisaryo sa ilalim ng GMA-LHMP ay pangangasiwaan ng mga kinauukulang MAOs at MAs dito. Isasagawa naman ng Tanggapan ng Panlalawigang Beterinaryo na pinamumunuan ni Dr. Edgardo S. Gonzales, DVM, ang pagsubaybay at pagpapatupad ng naturang programa.

Sa kabuuang 2,440 mga manok na ipagkakaloob ng DA RFU-5, ang mga bayan ng San Vicente at Capalonga ay tatanggap ng tig-408 mga manok na ipamamahagi sa 136 benepisaryo. Ang mga bayan naman ng San Lorenzo Ruiz, Mercedes at Sta. Elena ay pagkakalooban ng tig-405 manok. Matatandaan din na sa ilalim ng programa, ang bayan ng Talisay ay una nang tumanggap ng 409 mga manok para sa 136 benepisaryo nito.

Bilang karagdagan, ang bawat benepisaryo ay tumanggap ng tig-dalawang (2) inahinin at tig-isang (1) batang tandang. May isang benepisaryo naman sa bayan ng Talisay ang tumanggap ng 3 inahining manok.

Samantala, ang mga bayan naman ng Daet, Basud, Vinzons, Jose Panganiban, Paracale at Labo na may tig-45


**Pang. Gloria M. Arroyo**

benepi-saryo ay tatanggap ng tig-49 bilang ng mga kambing o kabuuang 270 bilang ng mga benepi-saryo at 294 bilang ng mga kambing.

Kaugnay nito, ang mga benepisaryo ay tatanggap ng tig-isang (1) kambing. Sa bawat bayan, pipili ng apat (4) na benepisaryo na bibigyan ng tig-iisang babae at lalaking kambing na gagamitin para sa pagpapalahi. Ang mga babaeng kambing ay katutubo (native) at ang mga toro ay may lahing 50-75% Anglo-Nubian. ***EDNA G. LASIM***

# Proyekto ng ...

*(Mula sa pahina 9)*

Norte. Kasunod nito, binuo ang isang technical working group (TWG) na pinamumunuan ng mga kawani mula sa Office of *the Provincial Agriculturist (OPAg)* na kinabibila-ngan nina *Supervising Agriculturist* Edgar Estanislao, *Senior Agriculturist* Danilo Guevarra, *Aquaculturist* II Anita Borero, at *Agriculturist* II Renato Magana. Makakasama rin nila rito sina Jose Urbano Jr. at Edgar San Ramon na mula sa *BFAR*.

Ang nasabing *TWG* ang magsasagawa nang masusing pag-aaral sa posibilidad ng pagkakaroon ng semilya ng alimango mula sa *hatchery* gamit ang teknolohiya mula sa *SEAFDEC* at maging sa pagsubaybay sa *hatchery operation* at iba pang gawaing kaakibat nito.

Inaasahan na ang mga maliliit na negosyante o *crab farmers* ay makikinabang sa proyektong ito na una hindi lamang sa Camarines Norte kundi sa rehiyong Bikol man. ***MELINDA L. JEREZ***

# Provl. Bantay-Dagat...

*(Mula sa pahina 4)*

- Pagsusuri sa mga isdang pinaghihinalaang nahuli sa pamamagitan ng paggamit ng mga paputok at nakalalasong kemikal;

- Pag-*dispose* ng lahat na kumpiskadong isda susog sa FAO 206;

- Pangangalaga sa mga nakumpiskang bangka kasama na ang mga kagamitan na ginamit sa iligal na pangingisda, kung kinakailangan, habang hinihintay pa ang resolusyon ng kaso;

- Tulong-teknikal at *advisory services* patungkol sa pangisdaan, at;

- Pagsumite ng buwanang ulat ng mga nagawa ng PBDTFCT sa mga Tanggapan ng Gobernador at Sangguniang Panlalawigan.

Bilang karagdagan, ang *Provincial Legal Officer* ng Pamahalaang Panlalawigan ang siyang magtatanggol sa Korte sa FDD-OPAg, PBDTFCT at iba pang *fishery law enforcers* na maaaring maharap sa mga kasong administratibo at kriminal susog sa Seksyon 23 ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 03-29.

Kasunod nito, *ang Provincial Prosecutor* naman ay inaatasan na magtalaga ng *special prosecutor* para humawak sa mga kaso kaugnay sa mga iligal na pangingisda. ***LT***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Agricultural Technologist | 9026 | 10 | | 2 | PROVET | Bachelor's degree relevant to the job | None required | None required | C.S. Professional | |
| Admin. Aide VI (Clerk III) | 9550 | 6 | | 1 | OPag | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Subprofessional | |
| Nurse I | 4220 | 10 | | 2 | PHO | Bachelor of Science in Nursing | None required | None required | R.A. 1080 | |
| Medical Officer III | 4063 | 18 | | 2 | PHO | Doctor of Medicine | None required | None required | R.A. 1080 | |
| Dentist III | 4121 | 19 | | 2 | PHO | Doctor of Dental Medicine or Dental Surgery | None required | None required | R.A. 1080 | |
| Admin Aide III (Utility Worker II) | 9551 | 3 | | 1 | Opag | Must be able to read and write | None required | None required | None required (MC 11 s. 96-Cat III) | |
| Nursing Attendant I | 4190 | 4 | | 1 | PHO | Elementary School Graduate | None Required | None Required | None required (MC 11, s96-CAT III) | |
| Engineer III | 7018 | 19 | | 2 | PGCN | Bachelor's Degree in Engineering relevant to the job | Two (2) years of relevant experience | Eight (8) hours of relevant training | R.A. 1080 | |
| Administrative Aide III (Clerk I) | 4240 | 3 | | 1 | PHO | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Subprofessional | |
| Casual: Nursing Attendant I | | | | | PHO | Elementary School Graduate | None required | None required | None required | |
| Admin. Officer III (Cashier II) | 5011 | 14 | | 2 | PHO | Bachelor's Degree | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C.S. Professional | |
| Nursing Attendant I | 4185 | 4 | | 1 | PHO | Elementary School Graduate | None Required | None Required | None required (MC 11, s.96-Cat. III) | |
| Admin Aide III (Clerk I) | 4024 & 4240 | 3 | | 1 | PHO | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C. S. Subprofessional | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

## Konstruksyon, pagsasaayos ng paaralan atbp.

# isinasagawa ng ABK Initiative

Magtatapos na sa Marso 2008 ang programang Pag-**A**aral ng **B**ata para sa **K**inabukasan (ABK Initiative) sa limang (5) barangay sa Camarines Norte na kinabibilangan ng mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Sta. Elena, Luklukan Norte at Luklukan Sur sa bayan ng Jose Panganiban; at Brgy. Dalas sa Labo.

Sa kabila nito, masugid pa rin nitong ipinatutupad ang iba't-ibang programang pang-edukasyon nito na pinupunduhan ng United States Department of Labor (US DOL) at pinangangasiwaan ng World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI).

Isa na rito ang pagkakaloob ng karagdagang educational supplies para sa may 1,042 ABK benepisaryo nito sa 5 barangay na nabanggit. Pinangasiwaan ito nina Ms. Liza V. Eyo at Nona Joson, education officers ng WVDFI.

Bukod dito, binigyan din nila ng *science tools and equipments* tulad ng *microscope, test tube beaker, iron stand,* atbp. ang mga sumusunod na paaralan: Labo Elem. School at Labo Science and Technology High School sa bayan ng Labo, at ang Sta. Rosa Elem. School, Sta. Elena Elem. School, Calogcog Elem. School at Jose Panganiban National High School sa bayan ng Jose Panganiban.

Nagbigay rin ito ng supplemental feeding sa mga benepisaryo ng ABK Initiative na nasa ika-2 hanggang ika-6 na baitang sa elementarya upang mabawasan ang malnutrisyon sa hanay ng mga naturang kabataan. Ito ay isinasagawa sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang Child Labor Parents' Association (CLPA).

Sa ilalim din ng ABK Initiative ay ipinatupad ang konstruksyon ng silid-aklatan (library) ng Regino Yet Elem. School sa Sta. Rosa Sur, Jose Panganiban na patuloy pa ring isinasagawa hanggang sa kasalukuyan. Ipinatutupad din ng WVDFI ang pagsasaayos (renovation) ng 11 silid-aralan ng Sta. Rosa Sur Elem. School sa Sta. Rosa Sur, Jose Panganiban. Ito ay upang magkaroon ng kumportableng silid-aralan ang mga kabataan at mas mahikayat sila na mag-aral.

Bilang karagdagan, ang implementasyon ng ABK Initiative sa Pilipinas ay ipinatutupad ng National Coalition for Children's Participation (NCCP) bilang tugon sa panawagan ng pamahalaan na suportahan ang National Program Against Child Labor (NPACL) at ang Philippine Time-Bound Program for the Elimination of the Worst Forms of Child Labor (PTBP). Ang iba pang katuwang ng NCCP sa implementasyon ng programa ay ang Christian Children's Fund (CCF), Educational Research and Development Assistance Foundation, Inc. (ERDA), at Plan Philippines.

Ang mga benepisaryo ng ABK Initiative ay ang mga kabataang nasasadlak sa 6 na mapanganib na paggawa tulad ng pagmimina at quarrying, pagpapakatulong, paggawa ng mga paputok (pyrotechnics production), commercial sexual exploitation, deep-sea fishing, at pagtrabaho sa plantasyon ng tubo.

Sa ilalim ng programa, ang mga kabataan ay tinutulungang makapag-aral muli sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga uniporme at educational supplies gayundin ang pagsasaayos ng pasilidad ng kanilang mga paaralan para maging angkop sa kanilang mga pangangailangan.

Matatandaan din na sa 9 pilot barangays sa 3 bayan ng lalawigan, 5 barangay ang itinataguyod ng WVDF at 4 na barangay para sa ERDA. Ang mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Sta. Elena, Luklukan Norte at Luklukan Sur sa bayan ng Jose Panganiban; at Brgy. Dalas sa Labo ang nasasakupan ng WVDF.

Tinukoy naman ng ERDA ang mga barangay ng Tawig, Tugos, Casalugan at Gumaus sa bayan ng Paracale bilang orihinal na *pilot barangays* nito. Upang mas maraming kabataang manggagawa ang mabenepisyuhan, isinama rin ng ERDA ang Brgy. Palanas sa naturan ding bayan kaya 5 pilot barangays ang benepisaryo nito sa bayan ng Paracale. ***LT IBASCO***



***Ang mga kawani ng General Services Office sa pangunguna ng kanilang hepeng si Dr. Rene G. Ruidera kasama si MMDA Bayani Fernando sa isinagawang 4th PAGSOlympics sa Marikina City. Ang lalawigan ng Camarines Norte ay nag-kamit ng pang-apat na puwesto mula sa 17 tanggapan na nagtunggali sa iba't-ibang palaro nito.***

# GSO lumahok sa 4th PAGSOLYMPIC

Ginanap noong ika-26 ng Enero and $4^{th}$ Philippine Association of General Services Officers Olympics o and tinatawag na PAGSOLYMPICS sa pangunguna ni G. Rolando Montiel, pangulo ng PAGSO at ni G. Adrian Salvador, General Services Officer ng Marikina na siyang host city para sa taong ito. Ito ay sa layuning magkaroon ng magandang pagsasamahan ang mga kasapi ng PAGSO sa pamamagitan ng mga friendly games.

Ito ay dinaluhan ng labimpitong (17) tanggapan ng General Services na nagmumula sa iba't-ibang lunsod, bayan at lalawigan ng Luzon, kabilang ang Batangas City, Sto. Tomas, Calamba, Laguna, Valenzuela, Malabon, Makati, Manila, Mandaluyong, Quezon City, Marikina, Pateros, Navotas, Taguig, Caloocan, Pasay City at ng lalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ng masipag na Provincial General Services Officer na si Dr. Jose Rene G. Ruidera.

Bagama't ang koponan ng Camarines Norte ang may pinakamaliit na delegasyon sa nasabing palaro, hindi ito naging hadlang upang magsikap ito sa bawa't mga laban. Ilan sa mga karangalang natanggap nila ay ang mga susunod: 1. Gold Medal – Mr. Ariel Panotes; 2. Gold Medal – Mr. Allel Leona; 3. Silver Medal – Mr. Louie Abular; Silver Medal – Ms. Kristine Angeles (100m. Run); 5.

*(Sundan sa pahina 4)*

# Licarte ng EERMD-G.O. ...

(Mula sa pahina 10)

*Management of Technology*; at, 4) *Making Draft Action Plan*.

Isinagawa sa unang bahagi ng kurso ang oryentasyon na sinundan ng pagpresenta ng mga kalahok sa kani-kanilang *country reports*. Ipinasyal din sila sa mga kaukulang lugar doon upang makita at maranasan nila ang ilan sa mga *Japanese technologies*.



Si Teody Licarte ng EERMD-GO (nasa gitna) ay nakiisa sa tree planting activity na isinagawa sa Kawasaki City, Japan na bahagi ng 42-araw na kursong Rehabilitation of Degraded Lands in Asia and Africa.

Ang ikalawang bahagi ay tinampukan naman ng mga lektyur at ilang case studies na isinagawa ukol sa rehabilitasyon ng mga degraded lands sa Asya at Aprika. Kabilang dito ang konsepto ng *Potential Natural Vegetation* na napakapopular sa mga bansang Hapon at Europa. Ipinakilala naman ni *Dr. Akira Miyawaki*, *Professor Emeritus* ng *Yokohama National University* at pinuno ng *JISE* ang pamamaraan sa rehabilitasyon ng mga *degraded lands*, ang *Miyawaki Method*. Ang grupo ay lumahok sa *tree planting activity* sa *Kawasaki City* kung saan ginamit ang *Miyawaki method*. Ito ay pinunduhan ng *Mainichi*, tagapaglimbag ng isang *daily newspaper* sa bansang Hapon.

Sumama rin sila sa *phytosociological survey* sa *Shikinomori Park* kung saan ibinahagi sa kanila ang konsepto ng pagtukoy sa potential natural vegetation. Ang analysis ng *phytosociological data* ay itinuro ng mga dalubhasa mula sa *Yokohama National University*.

Ang *study visit* sa *Tokyo University of Agricultural Technology (TUAT)* ang ikatlong bahagi ng kurso na pinangasiwaan ng mga propesor na sina Yosei Oikawa ng *TUAT* at *Ginji Sigiura* ng *International Charcoal Cooperative Association*. Ipinakilala nila ang naging kahalagahan ng charcoal production sa rehabilitasyon ng mga *degraded lands* sa bansang Hapon. Ayon sa kanila, ang uling ay nagbibigay ng mas mataas na *thermal energy* kumpara sa ordinaryong *fuel wood*. Ang mga kawayan at dahon mula sa mga damo at puno ay ginagawang uling na ginagamit din bilang *soil conditioning* para sa *reforestation* at *vegetable production*. Nagtungo rin ang grupo sa Ashio sa *Tokogawa Prefecture* kung saan bumisita sila sa iba't-ibang *reforestation projects* kasama na ang *copper mine site* doon.

Ang ika-apat at huling bahagi ng kurso ay ang paghahanda ng action plan na ipatutupad ng mga kalahok sa kani-kanilang bansa. Matapos ang kanilang presentasyon, nagkaroon ng critiquing na nakatulong upang mas mapaunlad pa nila ang kanilang mga kaukulang *action plans*.

Ipinahayag ni Licarte na kapaki-pakinabang ang naturang *training course* at maaaring maipatupad hindi lamang sa lokalidad kundi sa buong bansa sa kabuuan. At hindi ito imposible kung ang pamahalaan at ang mga mamamayan kikilos tungo sa rehabilitasyon ng mga *degraded lands* dito. Idinagdag nito na ang *basic principle* sa rehabilitasyon ay ang *Potential Natural Vegetation*-pangunahing gawain para maibalik ang harmony sa pagitan ng mga tao at kapaligiran. ***LORENA T. IBASCO***

# Camarines Norte una sa ...

(Mula sa pahina 1)

*tax declarations* upang ipatupad ang bagong iskedyul ng *market value* para sa mga ari-ariang di natitinag *(real property/ies)*. Ito ay base sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 004-2005 na itinatakda ng Seksyon 219 ng *Republic Act 7160* na mas lalong kilala bilang *Local Government Code of 1991*.

Bilang paghahanda rito, ang *training/seminar workshop* para sa naturang sistema ay isinagawa noong Enero 29-31, 2008 sa *Guadines Function Hall* sa bayan ng Basud. Ito ay nilahukan ng halos 31 kawani ng mga Tanggapan ng Pambayang Tasador mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan.

Layunin ng naturang pagsasanay na mas palawakin ang kaalaman ng bawat kalahok ukol sa pagkakaroon ng kumpletong pangangalaga sa *"records system"* ng *Real Property and Tax Assessment* o *RPTA*. Nais din nitong makapagtatag ng isang sistema na makapagbibigay nang nararapat at pantay-pantay na distribusyon sa mga bayaring buwis ng bawat ari-arian at makapagbigay nang epektibo at mahusay na serbisyo-publiko sa pamamagitan nang kumprehensibong kaalaman tungkol dito.

Sa *general revision* ngayong taon na gagamitan ng *e-RPTS program*, ilang kawani lamang ang kinakailangan at sa maikling panahon lamang ay matatapos agad. Hindi ito kahalintulad ng mga nakaraang pagrebisa na maraming *job order employees* ang nagtatrabaho nang manu-mano at makinilya pa ang gamit sa pagproseso. Ang kinakailangan lamang ngayon ay may ibayong kasanayan sa paggamit ng *computer* ang itatalagang *encoder* dahil halos lahat na gagawing transaksyon at *tax declarations* ay ipoproseso na ngayon gamit ang mga *computers*.

Dahil dito, magiging mas mabilis at maayos na ang mga transaksyon dahil may *ready-made printed form* na siyang paglalagyan ng mga datos. Makatitipid na sa oras na gugugulin, mababawasan pa ang santambak na mga aklat at dokumento sa *Records Division* ng *PAssO*. Malaking pabor ito sa pamahalaang panlalawigan sapagkat may kaukulang bayad ang lahat na *tax declaration* na kukunin ng publiko.

Matatandaan din na ang naturang programa ay naipatupad sa lalawigan sa pamamagitan ni G. Virgilio S. Tuazon, asst. provincial assessor na siyang nakipag-ugnayan sa *National Computer Center (NCC)*. Isinusulong ng *NCC* ang paggamit ng *"open source technology (OST)"* at naniniwala ito na ang *e-RPTS* ay makatutulong sa mga *local government units (LGUs)* na nahaharap sa problemang pinansyal na maipatupad ang *computerization* sa kani-kanilang lokalidad.

Personal namang pinangasiwaan ni G. Mark Berlon Pating ng *NCC-Pampanga* ang paglalagay *(installation)* ng *e-RPTS program* sa lalawigan katulong ang ibang kawani ng mga naturang tanggapan.

Ang mga bayan dito na nalagyan ng naturang programa ay ang Basud, Capalonga, Daet, Jose Panganiban, Labo, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena at Vinzons. Malaking hamon ito sa kanila sapagkat may kahirapan at magastos ang unang bahagi ng pagpapatupad nito. Kinakailangan nilang magdagdag ng kompyuter, maglagay ng *server, printer, Local Area Network (LAN)* at magpakabit ng *internet*.

Alam din ng Tanggapan ng Panlalawigang Tasador na malaking pagbabago ang kanilang kakaharapin bukod pa sa posibleng problemang kaakibat sa unang bahagi ng pagpapatupad sa naturang sistema. Dahil dito, hinihingi nila ang pang-unawa at pakikipagtulungan ng publiko at ipinapangako naman nila na magiging maayos ito sa mga susunod na panahon.




Si Assistant Provincial Assessor Virgilio Tuazon ay isa sa mga naging tagapagsalita sa 3-araw na Training-Seminar on General Revision of Real Property Assessments and Classifications na isinagawa kamakailan sa bayan ng Basud.

Sa kabuuan, ang *e-RPTS* ay isa sa mga *components* ng *Jumpstarting Electronic Governance for Local Government Units Project* na mas kilala sa tawag na *e-LGU Project*. Ang implementasyon ng *e-LGU Project* sa bansa ay pinangangasiwaan ng NCC sa pamumuno ni Ms. Maria Teresa Magadia-Camba, *director, NCC-Field Operations Office* at *convenor, Philippine CeC Network*. ***JEFFREY M. REGIDOR***

# Proyekto ng ...

(Mula sa pahina 10)

handang magbigay ng tulong sa Camarines Norte na nagnanais na magkaroon ng *mudcrab hatchery* upang matugunan ang pangangailangan ng lalawigan at maging sa buong Bikol na pagkukunan ng semilya ng alimango na kilala sa tawag na langaw-langaw. Hindi lamang teknolohiya ang ibibigay nila kung hindi imulat din ang mga *traders/gatherers* ng ukol sa *socio-economic aspect* nito.

Sa ilang araw na pamamalagi ng mga *SEAFDEC researchers* pupuntahan nila ang *Mercedes Hatchery Project* na siyang katuwang ng Pamahalaang Panlalawigan sa pagsasagawa ng isang demonstration project upang gamitin ang teknolohiya ng SEAFDEC, pupuntahan din ang mga lugar ng Talisay at Vinzons na isa sa pinagkukunan ng kabuhayan ng mga residente nito upang magtanong sa mga nanguguha ng semilya ng alimango ukol sa kalakalan ng pagbebenta nito.

Sa taong 2008, naglaan ang pamahalaang panlalawigan ng halagang P75,000.00 mula sa *20% development fund* upang pasimulan ang *Mudcrab Breeding and Seed Production Demo Project (MBSPDP)*. Sa unang yugto ng proyektong ito, magkakaroon ng *2 trial cycles* ng *mudcrab seed production* na gagamitin ang pasilidad ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)* sa Mercedes, Camarines Norte.

Samantala, ang ikalawang yugto nito ay ang paggawa ng limang (5) taong plano sa pagsulong ng industriya ng pagaalimango sa Camarines

(Sundan sa pahina 7)

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE ENERO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Licarte ng EERMD-G.O. kalahok sa JICA-IGES/JISE sa Japan



*Tinatanggap ni Teody Licarte ng EERMD ang kanyang sertipiko mula sa director ng JICA Yokohama International Center na si G. Takai nang siya ay lumahok sa bansang Hapon para sa isang training program ukol sa rehabilitasyon ng mga kagubatan sa Asya at Africa.*

Si Teodoro Lugo Licarte, *Environmental Management Specialist I (EMS I)* ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* ay dumalo sa 42-araw na pagsasanay ukol sa kursong *Rehabilitation of Degraded Lands in Asia and Africa.* Ito ay isinagawa sa *Japan International Cooperation Agency (JICA) Yokohama International Center* sa *Yokohama, Japan* simula Nobyembre 7, 2007 hanggang Disyembre 18, 2007.

Isa si Licarte sa 12 kinatawan mula sa 8 iba't-ibang mga bansa sa Asya at Aprika na nakapasa sa mahigpit na pamantayang ipinatutupad ng *JICA* kaugnay ng naturang programa. Nakasama ni Licarte ang tigdalawang (2) kinatawan mula sa Marawi, Laos, Malaysia at Madagascar at tig-isang (1) kalahok naman mula sa Burkina, Faso, Kenya, Myanmar at Pilipinas. Sila ay napagsama-sama ng JICA sa pamamagitan ng *International Global Environmental Strategies-Japanese International Center for the Studies in Ecology (IGES-JISE).*

Layunin ng naturang programa na maituro sa mga kalahok ang mga pamamaraan at teknolohiya sa rehabilitasyon ng mga hopeless degraded mined-out areas at makabuo ng kaukulang action plan na ipatutupad sa kani-kanilang lugar

Ang naturang kurso ay binubuo ng apat (4) na bahagi: 1-2) *Development of Technology* o Pagpapaunlad ng Teknolohiya *(expanding knowledge by phytosociological approach, understanding mapping, actual vegetation, classification and its application),* 3)

*(Sundan sa pahina 9)*



***Ang friendly visit ng Gobernador ng Saipan na si Gov. Benigno Repeki Fitial sa tanggapan ni Gov. Jesus O. Typoco, Jr., kasama niya ang ilan sa kanyang mga opisyal na sina Sec. Eloy Enos -Finance at Dr. James Quick. Pinag-uusapan nila rito ang pagkakaroon ng ugnayan ng lalawigan sa Saipan sa pamamagitan ng isang "sisterhood" ng dalawang probinsiya. Kasama rin nila rito sina Provincial Administrator Nap Malaluan at former DOLE-USec. Pet Español.***

# Proyekto ng Cam. Norte sa pagpaparami ng alimango sa hatchery una sa Bikol



**Edgar Estanislao, Chief Fisheries Division, OPag**

Dumalaw kamakailan sina Dra. Emilia T. Quinitio, program leader ng *Mudcrab and Shrimp Domestication Program* at Didi Baticado, *socio-economist* na kapwa mula sa *Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC), Aquaculture Department*, Tigbauan, Iloilo upang magbigay ng teknolohiya ukol sa *mudcrab hatchery.*

Sa pakikipagpulong kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. binanggit ni Dra. Quinitio na sila ay naka-

*(Sundan sa pahina 9)*

